



## Regulasyon ng mga Trabaho sa Ontario na Kailangan ng Kwalipikasyon

Tinitiyak ng Kolehiyo ng mga Trabahong Kailangan ng Kwalipikasyon (ang Kolehiyo) sa Ontario na may kasanayan at sertipikasyon ang mga indibiduwal na nagtatrabaho sa mga trabahong kailangan ng kwalipikasyon (compulsory trade) na kinakailangan upang legal na maisagawa ang mga trabahong ito sa Ontario.

Upang legal na magtrabaho sa isang trabahong kailangan ng kwalipikasyon, ikaw dapat ay mayroong Sertipiko ng Kwalipikasyon (Certificate of Qualification, C of Q) o nakarehistro bilang isang apprentice, at ikaw dapat ay isang miyembro ng Kolehiyo ng mga Trabahong Kailangan ng Kwalipikasyon sa Ontario (Ontario College of Trades).

Ang mga trabahong kailangan ng kwalipikasyon ay:

- Tekniko sa Alignment at Mga Preno
- Taga-ayos ng Katawan ng Sasakyan at Sira dahil sa Bangga
- Taga-ayos ng Katawan ng Sasakyan
- Tekniko ng Elektronikong Accessory para sa Sasakyan
- Tekniko ng Pagpapanatili at Pagkukumpuni ng Sasakyan
- Electrician – Paggawa at Pagpapanatili
- Electrician – Pantahanan at Panlalawigan
- Tekniko ng mga Sistema ng Gasolina at Kuryente
- Hairstylist
- Hoisting Engineer – Mobile Crane Operator 1
- Hoisting Engineer – Mobile Crane Operator 2
- Hoisting Engineer – Tower Crane Operator
- Tekniko ng Motorsiklo
- Tubero
- Mekaniko ng mga Sistema ng Pagpapalamig at Air Conditioning
- Nagkakabit ng Sheet Metal sa Tahanan (Mababang Gusali)
- Mekaniko ng mga Sistema ng Air Conditioning sa Tahanan
- Manggagawa sa Sheet Metal
- Tubero para sa mga tubo na nagdadala ng singaw
- Tekniko ng Transmisyon
- Tekniko ng Trak at Bus
- Tekniko ng Pagpapanatili at Pagkukumpuni ng Trailer na Trak

## Paano sumunod at magtrabaho nang legal sa isang Trabahong Kailangan ng Kwalipikasyon

### Opsyon 1: Mayroon ka bang karanasan at mga kwalipikasyon sa isang trabaho na kailangan ng kasanayan?

#### Mag-apply para sa isang Pagtatasa ng Nararapat na Trabaho batay sa Kwalipikasyon (Trade Equivalency Assessment, TEA)

Titingnan ng pagtatasang ito ang iyong kasanayan at karanasan, at tutukuyin kung maaari kang kumuha ng eksaminasyon ng C of Q para sa iyong trabaho. Kung maaaprubahan ito, at nakakuha ka ng karanasan sa pagsunod sa mga regulasyon para sa iyong trabaho, maaari kang maging karapat-dapat para mag-apply sa isang pansamantalang sertipiko ng kwalipikasyon. Ang sertipikong ito ay magpapahintulot sa iyong makapagtrabaho nang legal sa iyong trabaho nang 90 araw habang kumukuha ka ng eksaminasyon ng C of Q.

Mangyaring simulan ito sa pagkumpleto sa **Aplikasyon para sa Pagtatasa ng Nararapat na Trabaho batay sa Kwalipikasyon at Pagiging Miyembro (Trade Equivalency Assessment and Membership)**, na makikita sa [www.collegeoftrades.ca](http://www.collegeoftrades.ca). Mayroong bayad na \$200+HST na hindi isasauli.

May magagamit na gabay na nagbibigay ng mga detalye sa proseso ng aplikasyon, at ang mga impormasyon at dokumento na kailangan mong isumite. Kakailanganin mong magbigay ng katibayan ng karanasan sa trabaho mula sa mga employer at iba pang mga kredensyal upang suportahan ang iyong aplikasyon.

## Opsyon 2: Kailangan mo ba ng pagsasanay at karanasan sa isang trabaho na kailangan ng kasanayan?

### Magprehistro bilang isang Apprentice

Ang **isang apprentice** ay isang tao na natuto ng isang trabaho para sa may kasanayan sa pamamagitan ng pagtatrabaho at pagsasanay kasama ng isang journeyperson (isang taong may karanasan at nakakumpleto ng kanyang pagiging isang apprentice). Ang **isang apprenticeship (pag-aaral at pagsasanay)** ay may mga elemento ng parehong pagsasanay “sa trabaho” at pagsasanay “sa klase”. Habang ikaw ay nagtatrabaho bilang isang apprentice, babayaran ka at legal na pahihintulutang magtrabaho sa isang trabaho na may mamamahala.

- 1. Maghanap ng isang employer** na pumapayag na sanayin ka. Ang paghahanap ng isang trabaho bilang apprentice ay katulad ng paghahanap ng anumang ibang trabaho.
- 2. Pumirma ng isang Kasunduan para sa Rehistradong Pagsasanay** (sa iyong employer at sa Ahensiya ng Pagsasanay, Mga Kolehiyo at Mga Unibersidad).
- 3. Sumali sa Kolehiyo ng mga Trabahong Kailangan ng Kwalipikasyon** bilang isang miyembro sa Klase ng Mga Apprentice.
- 4. Tumanggap ng isang Sertipiko ng Apprenticeship (Certificate of Apprenticeship, C of A)** kapag nakumpleto mo na ang iyong pagsasanay.
- 5. Itakda ang iyong eksaminasyon para sa C of Q**, kapag nakumpleto mo na ang iyong mga oras sa pagsasanay, pareho sa trabaho at sa klase.
- 6. Kumuha at Ipasa ang eksaminasyon para sa C of Q.** Ang pasadong marka sa eksaminasyon ay 70% o mas mataas. Ang pagpasa ay magrerresulta sa pagiging karapat-dapat para sa isang C of Q.
- 7. Magparehistro** sa Kolehiyo ng mga Trabahong Kailangan ng Kwalipikasyon sa Ontario bilang isang miyembro ng Klase ng Mga Journeyperson (isang taong may karanasan at nakakumpleto ng kanyang pagiging isang apprentice) at tanggapin ang iyong C of Q.

*Kung ikaw ay magpapatuloy na magtrabaho sa isang trabahong kailangan ng kwalipikasyon nang hindi pumapasa sa eksaminasyon ng C of Q, ikaw ay lumalabag sa batas, at ikaw ay maisailalim sa pagpaparusa dahil sa paglabag at/o mga multa sa ilalim ng Batas ng Kolehiyo ng mga Trabahong Kailangan ng Kwalipikasyon at Pagiging Apprentice (Ontario College of Trades and Apprenticeship), 2009.*

**Upang malaman pa ang tungkol sa aplikasyon para sa TEA o sa proseso ng apprenticeship, mangyaring makipag-ugnayan sa Kolehiyo sa 647-847-3000 (sa GTA) o sa 1-855-299-0028 (walang bayad).**